

PROLOGUE

“Alec, kailangan n’yo nang magpakasal ni Cate.”

Noong isang linggo pa kumalat ang sinabing iyon ng ama pero ngayon lang siya nito masinsinang kinausap. Hindi niya akalaing may balak pa rin pala ang dalawang panig, Yi at Yitangco, na ipagpatuloy ang napagkasunduang kasal. Ang akala niya ay nabaon na sa limot ang betrothal niya sa second cousin eight years ago.

Ang totoo, bata pa lang sila nang ipagkasundo ng mga magulang. Noong nabubuhay pa ang ina ni Cate ay umapela itong hayaan na lang ang anak na makapili ng mapapangasawa. Pumayag ang ama ni Cate na si Uncle Luis.

When he was in college, naging girlfriend niya si Lindy at nabuntis ito. Bago pa man niya mapakasalan ay naaksidente ang nobya. Nakaligtas si Lindy sa tiyak na kamatayan pero hindi ang sanggol na nasa sinapupunan nito. Nakahanda pa rin siyang pakasalan ang dalaga, pero tumanggi ito at nagmigrate sa Canada.

Nasaktan si Alec sa ginawa nito at mula noon

ay naging maingat na sa pakikitungo sa mga babae. Kaya nang sabihan siya ng ama na itutuloy ang naunang kasunduan sa mga Yitangco ay malugod siyang pumayag.

Kay Tessa na pamangkin ng kanyang Auntie Lilian siya ipinagkasundo. First wife ni Uncle Luis ang matandang babae. Hindi nagtagal ang engagement na iyon dahil naaksidente si Tessa na ikinasawi nito.

At dahil si Cate na lamang ang dalaga, napilitan itong saluhin ang tungkulin na inakala nitong naiwasan na.

“Ang akala ko, Dad, hindi na iyon itutuloy.”

“Kailangang matuloy. That’s the only way the Yitangcos will recognize us as family. And I’m counting on you, son.”

“Iyan ang hirap sa kanila, Dad. Pare-pareho kayong galing sa angkan ng Yi pero ayaw nila tayong kilalanin.”

“Wala na tayong magagawa. Ang mahalaga ay matupad natin ang pangarap ng lolo mo na nakamatayan na niya.” Iyon nga ay ang kilalanin sila ng mga kamag-anak nito.

His great grandfather, Biao Yi, had three sons—

Tui, Tang and Felix. Ang abuelo niyang si Felix ay anak sa katulong ng pamilya. Ang mga descendants nina Tui at Tang ay nagpapalit ng apelyido para hindi magkahalo ang kani-kanilang yaman, Yituico at Yitangco, pero sila ay pinanatili ang Yi.

“Ang ipinagtataka ko lang, hindi nila tayo tanggap pero halos lahat ng babaeng second cousin ko ay gusto nilang ipakasal sa akin.” Mayroon pa siyang isang kapatid sa ama. Si Jonlou.

Napangiti ang ama sa kanyang sinabi. “Dahil malaki daw ang trust fund na ipinamana sa ’yo ng lolo mo sa tuhod at mayroon pang endowment policy ang fourth generation ng Yi na magmumula sa iyo. May magiging share din sa negosyo at matatanggap na pera ang mismong mapapangasawa mo. Bonus na lang siguro na talagang magandang lalaki ka.”

Nasa milyong piso na umano ang halaga ng trust fund na para kay Alec galing sa matandang Yi. Gusto niyang umismid. Kahit siguro mukhang garapon siya ay gugustuhin pa rin siyang ipakasal ng mga iyon. Mas naniwala siyang pera ang gustong pakasalan at hindi siya.

“Dad, paano nga pala kung si Cate mismo ang umurong sa kasal?”

“Problema na nila iyon dahil handa tayong sumunod sa kasunduan. Luis must acknowledge us.”

Pero kung hindi papayag si Cate, wala nang magaganap na kasal o kahit kasunduan pa lang.

Ang lihim niyang ipinag-aalala ngayon ay baka mangyari rin kay Cate ang nangyari kina Lindy at Tessa. Maaaring coincidence lang, pero kung pakasusuriin ay tila may pattern sa panahon kung kailan naaksidente ang dalawa—iyong time na malapit na ang kasal.

1

Masaya si Hannah dahil magbabakasyon na naman sa abroad ang amo niyang si Mrs. Victoria Yi, ina ni Alec. Buwan ang inaabot ng bakasyon nito sa ibang bansa. Kapag ganoon, pansamantalang ginagampanan ni Alec ang posisyon nito sa garment factory bilang Managing Director.

Ang totoo, mas pagod pa nga siya kapag wala ang ginang dahil dalawang opisina ang pinapasukan niya at obligadong sa dalawang tao siya mag-submit ng daily report, sa orihinal niyang amo at kay Alec. Pero ayos lang sa kanya iyon, At least, nakakasama niya nang matagal ang secret boyfriend. Kapag talagang kailangan, si Alec ang pumupunta sa garment factory sa Quezon City.

“Good morning, Ate Mayette,” masiglang bati niya sa sekretarya ni Alec.

CFO si Alec sa lending institution na pag-aari ng pamilya Yitangco sa Makati. Kaya lalong yumayaman ang mga mayayaman dahil doble-doble ang trabaho.

“Hani!” tili nito. “Out of the country na naman si Madam?”

“Yup, kaya dito na naman ako makikigulo.”
Sanay na ang mga empleyado rito sa biglaan niyang pagsulpot.

“Mabuti hindi ka na-traffic.”

“Anong hindi? Alas siete pa ako umalis sa Quezon City. Grabe ang traffic diyan sa Buendia. Punta na ako sa station ko, ha.”

“Sureness, basta ikaw.”

Ang bakanteng cubicle malapit sa photocopying machine ang inookupa ni Hannah sa tuwing mapapadpad dito sa *Yitangco Finance Group*. Pasimple niyang tinanaw ang opisina ni Alec. Isang glass wall ang naghihiwalay roon at sa opisinang kinaroroonan niya, pero may floor to ceiling vertical blinds na nakatabing kaya hindi rin kita ang nasa loob. Halata lang kapag naka-off o naka-on ang ilaw.

Mamaya na niya ipapaalam kay Alec na nandito na siya. Retouch muna para maganda siya sa paningin nito. Pero papunta pa lang siya sa gagamiting work station ay tinawag na siya ni Mayette na may kausap sa phone.

“Miss Hannah Umali,” sabi nito habang nakatakip sa mouth piece ng telepono ang isang kamay. “Tawag ka na ng boss ko.” Walang sound na idinugtong ng

babae na, ‘Mainit ang ulo.’

Tumango siya kay Mayette.

“Papunta na po diyan, Sir. Opo, sasabihin ko po. Okay, Sir.” Ibinaba na nito ang telepono.

“May meeting kasi si Boss ng 10 AM. Dalhin mo na daw pagpasok mo ang laptop at saka hard copy ng sales report. Lagot ka, Hani. Good luck,” birong pananakot nito.

“Thank you, Detective Reyes. Tawagan mo na lang ako kapag may bagong development.” Kinamayan na ni Alec ang private investigator.

Anumang sandali ay papasok na sa opisina niya si Hannah at gusto niyang maging pribado ang halos lahat ng oras na kasama ang dalaga.

“No problem, Mr. Yi.”

Inihatid niya ito hanggang sa pintuan ng opisina para masilip na rin kung bakit natatagalan si Hannah. Saktong paglampas ng detective ay saka pumasok ang hinihintay na dalaga.

“Good morning, Sir.” Matamis ang ngiting iniukol nito sa kanya.

Hinintay niya itong makapasok bago isinara ang pinto at pinindot ang lock niyon.

“What took you so long?” sita niya habang nakasunod dito.

“As usual, heavy traffic,” ani Hannah habang iniaayos sa office table niya ang dala nitong folders. Binuksan na rin nito ang laptop. “Which shall we discuss first, local sales o export sales?”

Hindi niya pinansin ang tanong nito bagkus ay marahan niyang hinila ito sa kamay para mapaharap sa kanya. He lowered his head to hers and claimed her sweet lips.

As time went on, his desire for Hannah only grew deeper and stronger. Dapat sa mga panahong ito ay sawa na siya rito, pero hindi pa iyon nangyayari. Araw-araw, lalong nadaragdagan ang pagkabighani niya sa simpleng kagandahan nito. Kaunti pa at masasabi niyang umiibig na siya sa sekretarya ng kanyang ina.

Hindi siya nagkasya sa simpleng halik lang. Hinapit niya ito sa baywang at lalong pinag-alab ang pag-angkin sa mga labi nitong laging laman ng kanyang panaginip.

“Alec, baka may biglang pumasok,” saway sa

kanya ng dalaga sabay tuon ng mga palad nito sa kanyang dibdib.

“Walang makakapasok dahil ini-lock ko kanina.”

“Sigurado ka?” paniniyak nito na kanyang tinanguan.

“Ang tagal nating hindi nagkita pero parang hindi mo ako na-miss.”

“Nasa factory ka lang noong isang araw, di ba?”

“Yes, but we didn’t kiss.”

“Di nasisante ako kapag gi—”

He silenced her with another deep, passionate kiss. Nasiyahan siya nang maramdaman ang mainit na pagtugon nito. He had never felt this kind of intense pleasure with any other woman, not even with Lindy, at lalong hindi kay Cate.

“Oh, hon, I can’t get enough of you,” he murmured between kisses.

Kapwa sila hinihinal at pinangapusan ng hininga nang pakawalan niya ang mga labi nito. Yakap pa rin niya si Hannah sa baywang. Naisip niyang baka kaya hindi niya magawang pagsawaan ang dalaga ay dahil hindi pa niya ito lubos na naaangkin.

“Alec, umpisahan na natin ang trabaho, may meeting ka pa daw sabi ni Ate Mayette.”

“Later.” Pinagsawa muna niya ang sariling yakap ang malambot na katawan ni Hannah. Dumarating siya sa puntong natutukso na siyang magsabi rito ng indecent proposal pero pinipigilan niya ang sarili dahil baka ma-offend ito at layuan siya nang tuluyan. Ayaw niyang mangyari iyon kaya nagkakasya na lang siya sa ganitong set-up nila.

Mula sa mataas na tambak ng mga pinag-aaralang Application For Loan ay isang pangalan ang nakaagaw sa atensyon ni Alec.

Dominic Zaldarriaga. Hmm, good credit standing. Nice. Pero kahit delinquent borrower ka, pauutangin pa rin kita, Nic.

Hindi pa personal na nag-a-apply ang borrower, rekomendasyon pa lang iyon ng bank manager kung saan ito regular na naglo-loan. Hihintayin niya ang personal appearance nito rito sa opisina.

Naaawa siya sa dating schoolmate na si Nic. Parang dalawang beses itong nanakawan ng napakaimportanteng pag-aari sa buhay. At parehong may kinalaman doon ang pamilya Yi. Hindi niya

kayang ibalik ang negosyong nawala sa pamilya nito dahil wala siyang kontrol doon. Pero may isang napakahalagang pag-aari ito na kaya niyang ibalik basta tatanggapin lang nito.

Inihanay niya sa VIP folder ang rekomendasyon at pagkatapos ay tinawagan si Detective Reyes.

Mayamaya pa ay hindi siya nakatiis na lumabas sa opisina. Nang hindi makita ang pakay ay mainit ang ulong bumalik siya sa loob ng sariling opisina.

Hindi nag-report sa kanya ngayon si Hannah. Nang tumawag siya sa opisina nito sa garment factory ay wala rin doon ang dalaga. Sinubukan niyang kontakin ang cell phone nito, pero *'unattended.'*

Nagpadala na lang siya ng mensahe na agad siyang tawagan kapag nabasa nito ang text. Kung nasa factory lang sana ito ay pupuntahan niya ngayon din.

He'd never told Hannah how much he missed her when she's not around.

Kung alam lang nito kung paano siya nataranta noong parang gusto na nitong makipaghiwalay sa kanya dahil nakokonsyensya na raw sa lihim nilang relasyon.

Bakit kasi kailangan niyang ituring na napakarumi ng relasyon namin. I'm not yet married. Kulang na lang sabihin niyang huwag na kaming magkita.

He muttered a curse under his breath. Hindi niya gustong isipin na iiwan siya nito.

Huwag na huwag ko lang malalaman na may lalaking nagsusulsol sa kanya!

Nang balikan ni Alec ang trabaho ay hindi na siya masyadong makapag-concentrate. Iniisip niya kung nasaan ngayon si Hannah at kung ano ang ginagawa nito. Hindi kaya may boyfriend itong iba at nakipag-date kaya absent?

Kailangan kong mag-isip ng paraan kung paano ko siya mas mababantayan...

Ang totoo ay kapritso lang niya ang papuntahin pa rito sa opisina niya si Hannah, bagay na hindi lingid sa dalaga. Gayunpaman, hindi ito nagsasalita.

Tutol ang ina niya sa pagre-report ni Hannah sa office niya sa Makati dahil malaking kaabalahan nga naman iyon sa sekretarya nito. Isa pa, personal siyang nagsasadya sa tanggapan ng garment factory. Karamihan sa reports ay maaaring ipadala via e-mail.

Ang garment factory ang tanging naging kabahagi

ng Lolo Felix niya sa mga negosyo ng matandang Yi. Napunta sa mga Yituico ang manufacturing company at sa mga Yitangco naman ang lending business.

Gasino na lang ang garment factory kumpara sa bigating kompanyang pag-aari ng mga kapatid ng abuelo?

Kaya nga pinilit siya ng ama na tanggapin ang executive position sa *Yitangco Finance Group* na alok ng pinsan nitong si Luis. Isa kasi iyon sa mga pribilehiyong bigay sa kanya ng lolo sa tuhod na labis na nalugod sa kanya noong bata pa siya. Nakasaad sa last will nito na dapat bigyan ng posisyon sa dalawang higanteng kompanya ang mga apo nito sa anak na si Felix. May dalawa pa siyang nakababatang kapatid na babae.

He was twenty-one nang maging Joint Managing Director sa garment factory. Nang hawakan ang pagiging financial officer sa lending business ng tiyuhin, naging deputy na lamang siya ng ina.

2

Matamlay na pumasok si Hannah kinabukasan. Alam niyang galit si Alec dahil sa hindi niya pagsipot kahapon, idagdag pang hindi niya sinagot ni isa sa mga text messages nito.

Sasabihin na niya rito na wala na siyang balak na ipagpatuloy pa ang relasyon nila. Baka kasi lalo pang lumalim ang nararamdaman niyang pagtingin dito. Mahirap na. May totoong nobya na ito at kung magkakabistuhan ay tiyak na siya ang kawawa. At saka baka hinihintay lang din ni Alec na sa kanya ito manggaling. Baka akala nito ay hindi siya seryoso dahil madali siya nitong napahinuhod noon.

Sumulyap siya sa wall clock. Malapit nang mag-alas-doce pero hindi pa rin siya ipinapatawag ni Alec. Gusto na nga niyang tanungin si Mayette kung busy pa ang amo nito at may kailangan siyang sabihin.

Sa susunod na linggo ay pahirapan na naman silang makapag-usap nang harapan dahil darating na ang tunay niyang amo.

Mukhang malaki nga yata ang tampo sa kanya ni Alec. Paano ba siya makikipaghiwalay gayong hindi

pa man ay gusto na niya itong suyuin?

Ganyan ba ang makikibag-break? usig niya sa sarili.

Nagkunwari siyang may tinatapos pang gawain nang ayain siya ni Mayette na mag-lunch. Nang mag-isa na lang ay lakas-loob siyang kumatok sa opisina ni Alec.

Pinapasok naman siya nito.

“Can we talk?” she asked nervously. Seryosong-seryoso ang anyo nito.

“I’m busy,” pasupladong sagot nito na hindi man ibinaba ang lid ng laptop nito.

Nakasanayan na niya ang pagiging malambing o kaya ay kaswal na pakikitungo nito sa kanya kaya parang ibig niyang magdamdam kapag malamig ang pagtrato nito.

“Hindi na ako papasok dito bukas.”

Saka lang ito nag-abalang tapunan siya ng tingin. “Sit down. Ano’ng gusto mong pag-usapan?”

“Alec, ’yung tungkol sa atin, kuwan kasi... kasi—”

“Nahihiya ka na. Wala namang ibang nakakaalam. Mayroon pa ba maliban kay Gilda?” Umiling siya.

“Kanino ka nahihiya kung gano’n?”

Matagal bago nakasagot si Hannah. “Kay Miss Cate. Ang bait-bait niya ’tapos ganito pa ang igaganti natin. That’s why I think we’d better... uhm, put an end to—”

“Shit,” he muttered.

Ikinagulat ni Hannah ang pabagsak na pagsasara nito sa laptop. Hindi kaya nagkalamat ang screen niyon? Nakatayo na ang binata.

And he was angry. “I won’t accept that, Hannah!”

“Kailangan, Alec. Nakapagpasya na ako.”

“Sariling pasya mo o baka naman may third party na involved?” Lumigid ito sa gawi niya.

“Wala!” Medyo kinabahan siya dahil ngayon lang niya nakitang ganito kagalit si Alec. Sa tingin niya ay parang kaya nitong manakal ng tao. Halos mapasiksik siya sa silya nang hilahin nito palapit sa kanya ang katapat na visitor’s chair bago naupo sa harap niya.

Nang ikulong nito sa mga palad ang dalawang kamay niya ay lumambot ang ekspresyon ng mukha nito. Nakahinga siya nang maluwag.

“Are you telling the truth that there is no other

man involved here?”

“Wala talaga.” Gusto niyang isiping nagseselos si Alec. Nakakataba pala ng puso.

“Listen. Kung si Cate ang inaalala mo, I’m telling you...” Dinala nito sa bibig ang isang kamay niya at masuyong kinintalan iyon ng halik. “Walang kasalang magaganap sa pagitan namin. Please don’t leave me.”

Dahan-dahan siyang napatango.

Wala na, napapayag na naman siya ni Alec sa gusto nitong mangyari. Pinili niyang huwag pansinin ang munting tinig na nagsasabing, *‘Huwag kang pumayag. Nobya pa rin niya iyon. Papiliin mo kung sino sa inyo ni Cate ang mas gusto niya!’*

Paano kung si Cate ang piliin ni Alec?

Nang halikan siya nito ay buong puso siyang nagpaubaya. Sinaway lang niya ito nang maalalang hindi naka-lock ang pinto.

“You’d better eat your lunch, hon,” malambing na utos nito. “Masama ka palang nalilipasan ng gutom, kung anu-ano’ng naiisip mo,” nakangiti nang biro nito.

Hanggang ngayon ay hindi malinaw sa kanya kung iyon ba ay ‘Han’ na pinaikling Hannah o ‘Hon’

as in honey. Sabagay, marami sa mga kaibigan niya ang tumatawag sa kanya ng ‘Hani.’

“Spell ‘Han,’” ganting biro niya. “Confused ako sa word na ‘yan.”

“Hotel, Oscar, November. Satisfied?”

Very satisfied! I love you, Alec. How she wished she could tell him that.

Pagkagaling ni Hannah sa isang subdivision kung saan naroon ang i-a-acquire niyang rent-to-own unit ay dumerecho siya sa bahay ng mga Yi para dumalaw sa Tiya Caridad niya. Tiyak na matutuwa ito kapag narinig ang magandang balita.

Sa back gate ng two-storey mansion siya nag-doorbell. Mas sanay kasi siyang doon dumaan. Malapit doon ang nakabukod na bahay ng mga kawaksi.

Noong nag-aaral pa sila ni Gilda sa kolehiyo, nagmagandang-loob ang mag-asawang Yi na patirahin sila roon nang libre. Sa renta pa lang at bayad sa tubig at kuryente ay napakalaki na nang natipid niya lalo pa nga at self-supporting student siya.

Masuwerteng nabiyayaan si Hannah ng full

scholarship kaya kahit ulila na ay nakapag-aral siya sa tulong na rin ng tiyahin.

Kapag weekends, sa halip na umuwi silang magpinsan sa bayan nila sa Cabanatuan ay tumutulong na lang sila sa mga gawain sa mansion bilang pagtanaw sa kabutihang-loob ng mga Yi.

Nagkataong ang tiyahin ang nagbukas sa kanya ng gate. “Hannah! Napasyal ka, Ineng.”

“Tiya!” Sabik siyang yumakap sa matanda at iniabot dito ang bitbit na pasalubong. “May ibabalita po kasi ako sa inyo.”

“Mag-aasawa ka na?” birong tanong nito habang sabay silang naglalakad papunta sa servants’ quarters.

Hiling din niyang makapag-asawa na, kaya lang kay Alec lang talaga tumibok ang puso niya kahit na may iba pa siyang mga manliligaw.

“Naku, hindi po muna, Tiya.”

“May dalawang apo na ako kay Gilda. Tig-isa sa dalawang pinsan mong lalaki. Kailan ko naman kaya makikita ang apo ko sa ’yo?”

“Huwag po kayong masyadong mainip, nagre-ready na ako.” Nginitian lang siya ng tiyahin na waring hindi kumbinsido. “Ang totoo, Tiya, kukuha

na ako ng hulugang bahay.”

“Aba’y kay inam, ano? Magkano ang hulog?”

“Ang buwanan po ay limang libo.” Five years to pay iyon at kahit paano ay makakaya niyang bayaran ang beinte mil na downpayment.

“Mabuti at may nasumpungan ka pang ganyan kamura dito sa siyudad. Parang pangprobinsya ang presyo, hane?”

“Parang hulog nga po sa akin ng langit.”

Dati niyang kaklase noong high school ang real estate agent na nag-alok kaya hindi na siya gaanong nagtanong at nagduda.

“Kailan ang balak mong paglipat? Itaon mong day off ko para matulungan kitang maghakot ng gamit at para makita ko na rin iyong bahay mo. Ay, kaysaya ko para sa ’yo, Ineng.” Natutuwa siyang niyakap ng tiyahin.

“Hayaan n’yo po, sasabihan ko kayo. Ano nga pala’ng ginagawa ninyo bago ako dumating?”

“Naglalaba kami ni Miling ng mga kurtina.”

“Tara, Tiya. Tutulungan ko na po kayo.”

“Huwag na. Magpahinga ka na lang.”

“Petiks lang po ang trabaho ko kapag wala si Madam.” Hindi siya nagpapigil sa tiyahin.

Mayamaya pa ay nakikigulo na siya sa laundry area.

Marami siyang alaala rito sa mansion, masasayang alaala kasama si Alec. Sa ngayon ay hindi na doon nakatira ang binata kundi sa condo unit nito sa Makati area. Sa loob ng halos apat na taong nakitira siya rito ay nakasundo niya ang mga amo. Kaya nga pagka-graduate pa lang niya ay kinuha na siyang sekretarya ni Mrs. Yi.

Hanggang ngayon sana ay dito pa rin siya nakatira kung di lang dahil sa isang insidente. Hindi kagandahan ang pangyayaring iyon pero marami siyang bagay na natutunan dahil doon: huwag masyadong magtiwala, ingatan ang sarili at higit sa lahat natutunan niyang lalong mahal in si Alec. Mas lumalim ang pitak nito sa kanyang batang puso.

Ipinatawag siya noon ni Jonlou sa silid nito para papalitan umano ang mga bedclothes. Kahit alam niyang opium user ang lalaki ay sumunod pa rin siya dahil nahihiya siyang tumanggi sa amo. Pinagtangkaan siya nitong halayin. Mabuti na lang alerto siya kaya agad na nakatakbo palabas ng silid. Pero humabol si Jonlou at naabutan siya sa salas.

Secret Boyfriend - Alexie Aragon

Narinig ni Alec ang pagsigaw niya at kaagad siya nitong sinaklolohan.

Hindi nagdalawang-isip ang binata na ipagtanggol siya sa nakatatandang kapatid nito. Binugbog nito si Jonlou at tila walang balak lubayan sa pagsuntok kahit duguan na ang kapatid. Niyakap niya si Alec para maawat na at baka makapatay pa ito nang dahil sa kanya. Pinagalitan siya ni Alec pagkatapos dahil nauna na itong nagbabala na iwasan ang kapatid nitong drug addict.

Bilang pagtanaw ng utang na loob sa mag-asawa ay hindi na siya nagdemanda at nagkusa na lang siyang umalis sa mansion. Sa residential area malapit sa garment factory umupa si Hannah ng matutuluyan buhat noon.

3

“Mr. Yi, pasensya ka na ha,” napakamot sa ulong sabi ni Detective Reyes. “Puwede ko naman itong i-research pero malaking tulong kung ipapaliwanag mo rin sa akin.”

“Walang problema, Detective. Common sa Pilipinas ang three-syllable Chinese surnames. Ginagamit ng mga Chinese ang format na iyon sa pagbuo ng panibagong apelyido. The first syllable would be the ancestor’s last name. next would be the first name n’ung nasa second generation, in this case Tui and Tang, at last iyong title of respect, like ‘Co.’ Kaya kahit magkaiba kami ng apelyido, malapit na kamag-anak pa rin namin ang mga Yituico at Yitangco.”

“I see. Kung susundin n’yo pala ang ganoong format, ang magiging apelyido ninyo ay Yi-felix-co. Hindi nga bagay,” natatawang komento ng private investigator. “Anyway, Mr. Yi, ang sabi mo ay half-brother mo si Jonlou. Bakit madalas siya sa mga Yituico gayong hindi naman nila kayo kinikilalang kamag-anak?”

“Dahil naroon ang mama niyang si Auntie Lucy.

First wife iyon ni Daddy, pero nakipaghiwalay at mas piniling makisama sa mas maperang Yituico. Magkapatid sina Auntie Lilian at Auntie Lucy.” Napakunot ang noo ni Alec. “Sandali, Detective. Paanong nasangkot ang mga Yituico? Kahit minsan hindi pa tumuntong sa bahay namin ang mga iyon. Mabuti pa ang mga Yitangco, kahit paimbabaw pumupunta sa bahay kapag napipilitan.”

“May nasilip kasi akong maaaring motibo nila.” Ipinaalala nito ang mangyayari sa malaking halaga ng trust fund niya kapag lumagpas sa taning at hindi iyon nakuha.

Alam niya ang mga terms and conditions na kaakibat niyon, pero kung magkano ang eksaktong halaga ay hindi niya alam. Siya at ang kanyang ama ay walang interes doon. Para sa kanila ay sapat na ang kung anumang biyaya mayroon ang pamilya nila.

Kaso ng dalawa niyang ex-fiancée ang pinaiimbestigahan ni Alec. May kutob siyang mayroong foul play na naganap.

“Sa ngayon, wala pang conclusive na ebidensya. Puro teorya pa lang. Ang nagpapahirap kasi sa kasong ito, maraming posibleng suspect dahil halos lahat ay may personal na motibo. Ah, ’eto nga pala, Mr. Yi, iyong resulta ng imbestigasyon ko sa isa pang

assignment ko sa iyo.”

Iniabot nito sa kanya ang envelope na may pangalan ni Nic sa ibabaw.

Pagkaalis ng bisita ay agad niyang binasa ang report. He learned that Nic had not been married. May tatlong anak ito pero dalawa roon ay adopted. Tatlong taon na rin itong hiwalay sa babaeng inakala ng lahat na legal wife nito.

I'm sorry, Cate, pero kailangan ko itong gawin para sa iyo at para sa akin na rin. I will encourage you to fight for your own happiness. Hindi ko magagawang umurong sa kasal. Una, dahil ikaw ang magiging kawawa sa paningin ng mga tao kapag tinalikuran ka ng groom. Pangalawa, kailangan naming tumupad sa kasunduan. Backing out will be my last resort...

Sa totoo lang, wala siyang pakialam kung hindi man sila kilalanin ng mga kamag-anak. Kaya niyang mabuhay nang wala ang mga ito.

Naloko si Hannah ng ahenteng nag-alok sa kanya ng rent-to-own house unit. Hindi sa paraang naitakbo nito ang pera niya kundi dahil pekeng ahente pala ito. Dapat talaga nagduda siya. The offer was too good to be true.

Nang linawin niya rito kung saan siya magbabayad ng buwanang hulog ay nagbigay lang ito ng bank account number. Nasa bangko na siya nang mapagalaman na personal savings account niya iyon. Gusto niyang kalbuhin ang ahenteng si Gary!

Pero dahil kaibigan niya nga ito, nagsabi rin ito sa kanya ng totoo. Nalaman niyang fully paid na ang unit... and that a certain Alexandrus Yi bought it for her.

“Gagawin ba akong kerida ng lalaking iyon at ibinili ako ng bahay?” galit na tanong niya sa sarili habang nakatitig sa kisame ng kuwarto.

Hindi niya madesisyunan kung ikatutuwa o ikalulungkot ang isiping ibabahay siya ni Alec. Kahit naman mahal niya ito ay may natitira pa rin siyang kaunting *delicadeza*.

Ayokong maging kabit! Isasauli ko ang bahay na ito.

Dumalo sa business summit sa ibang bansa ang tusong lalaki kaya hindi pa niya nakakausap nang personal. Nang magkausap sila sa telepono ay parang tuwang-tuwa pa ito na nalinlang siya. Alam niyang kahapon pa ito nasa Pilipinas. Nasabihan na niya itong mag-usap sila kaya inaasahan niyang anumang

sandali ay darating ito ngayong araw ng Sabado.

Isang linggo na siyang nakalipat, pero marami sa mga gamit ni Hannah ay nakakahon pa rin. Hindi pa niya inaayos ang mga iyon dahil kailangan muna nilang magkaunawaan ni Alec. Kapag may hindi sila napagkasunduan ay ora-orada niyang lalayanan ang bahay na ito.

Sayang talaga dahil gustung-gusto niya ang yari ng bahay. Tama lang ang sukat para sa isang maliit na pamilya. Bare pa iyon, kurtina lang sa kuwarto ang ikinabit niya. Tatlo ang kuwarto, maliit ang salas pero malawak ang kitchen. May open space laundry area sa likod. Walang lawn pero may sapat na espasyo para makapag-alaga ng potted flowering plants.

Sumilip siya sa bintana ng kuwarto nang marinig ang paghimpil ng isang sasakyan. Dumating na ang hinihintay niya. Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan niya bago lumabas ng silid.

“Kanina pa kita hinihintay,” salubong niya kay Alec. May kipkip itong malaking paper bag. Sa isang kamay ay hawak nito ang isang champagne bottle. “Para saan ang mga ’yan?”

“Para sa house warming.” Idinerecho nito sa kusina ang mga bitbit. “Hanggang ngayon hindi ka

pa rin nagkakapag-ayos ng gamit?” Napansin nito ang mga kahon sa isang sulok.

“Alec, kailangan muna nating mag-usap.” Sumunod siya sa kusina. “Hindi ko matatanggap ang bahay na ito.”

“But why? Ang sabi mo pangarap mong magkaroon ng bahay. Heto na, tinulungan lang kita.”

Lakas loob na siyang nagtanong. “Balak mo ba akong gawing kabit?”

“Bakit mo naman iyan nasabi?” natatawang tanong nito.

“Para kasing ibinabahay mo na ako. Alec, yes or no lang ang sagot. Please be honest,” malumanay niyang pakiusap.

“No. Pero kung gusto mo...” Nilapitan siya nito. “Madali naman akong kausap,” pilyong dugtong nito.

“Alec!” Napasimangot si Hannah. “Hindi ako nakikipagbiruan.”

“Seryoso rin ako. Saka kung gagawin kitang kabit, tingin mo ititira kita sa ganito ka-humble na lugar? At malayo pa sa ’kin? Doon ka sa abot-kamay kita anumang oras kita kailanganin.” A shiver ran down her spine. Niyakap siya nito.

“Bakit kailangan mo pa akong linlangin?”
Pumayag siyang makulong sa mga bisig ng binata.

“Alam ko kasing hindi ka papayag. Believe me, hon, malinis ang intensyon ko. Gusto lang kitang tulungan.” Naramdaman niya ang paghalik nito sa kanyang bumbunan.

“Paano kita babayaran? Monthly, quarterly?”

“Ayoko ng installment.”

“Alec, alam mong hindi ko kaya ang full payment.”

“Kaya nga ipinapa-deposit ko sa savings account mo, di ba? Kapag buo na, saka mo ibigay sa 'kin.”

“Pero ipinangalan mo na kaagad sa akin itong bahay kahit hindi pa bayad. Paano ka nakasisiguro na hindi kita tatakbuhan?”

He lifted her chin with his index finger and stared into her eyes. “Para saan pa at sa lending institution ako nagtatrabaho kung hindi ako marunong kumilatis ng pauutangin? Trusted employee ka ni Mommy. Sa compound namin nakatira si Manang Caridad. Takbuhan mo man ako, alam ko kung saan kita hahabulin. Any more questions?”

Sapat na kay Hannah ang ganoon kasimpleng paliwanag. Basta si Alec ang nagsabi, madali siyang

napapaniwala.

“Meron pa.” Napangiti siya nang magsalubong ang kilay ng guwapong kayakap. “Puwede ka bang abalihin maghapon para tulungan akong mag-ayos dito sa bahay?”

“Oo naman.” Umaliwalas na ang mukha nito. “Pero kumain muna tayo dahil kanina pa ako nagugutom.”

Inihanda niya ang mesa. Bibihirang pagkakataon na makasalo niya sa pagkain ang lalaking itinatangi.

“Alec, sa mansion mo ipinaluto ang mga ito, ano?”

“Paano mo nalaman?”

“Kilala ko ang mga kitchenwares na ito. Delikado tayo kapag nagawi dito si Tiya at nakita ang mga ito.”

“Oo nga, ’no? Sinabi ko pa namang dadalhin ko sa isang kaibigang maysakit.”

Nagkatawanan sila. Kung hindi sila masyadong mag-iingat ay madaling mabibisto ang sikreto nila.

“Don’t worry, hon, ginagawa ko ang lahat para hindi matuloy ang kasal namin ni Cate.”

Kapag hindi natuloy, ako na ba ang pakakasalan

mo? Wala siyang sapat na lakas ng loob para isatinig ang mapangahas na katanungang iyon.

Ginugol nila ang nalalabi pang oras ng maghapon sa pag-aayos ng bahay. Mabuti at sadya nang nakakabit ang mga curtain hooks at rods kaya maging pagkakabit ng kurtina ay hindi naging problema.

“Kailan ka bibili ng sala set?”

“Kapag nakuha ko na uli ang Christmas bonus.”

“Are you serious? February pa lang.”

“Saka na ’yon. Pagtitiyagaan ko na muna itong monobloc chairs. O, baka manguna ka na namang bumili. Sinasabi ko sa iyo, ihahagis ko sa labas ang mga iyon.”

“Ah,” nangingiting sabi ni Alec. Mayamaya ay nagpaalam na rin itong uuwi na nang medyo dumilim na sa labas. “Don’t forget to double lock the doors. Mag-isa ka lang dito, babae pa. Ayokong may ibang lalaking bibisita sa ’yo dito, ha? I’ll drop by unannounced any time to check on you,” pahabol nito.

“Ganyan ka rin ba kaistrikto kay Cate?” Hindi napigil na tanong niya.

“Hindi na kailangan. Behaved ang pinsan ko na iyon.”

“And I am not?”

“Hey, wala akong sinasabing ganyan.” Sa halip na aalis na ito ay nilambing pa tuloy siya nang mapansin ang kunwari niyang pagtatampo.

Sorry na lang si Alec dahil ayaw pa niya itong paalisin. “Para kasing iyon ang gusto mong palabasin,” taas ang kilay na sabi niya sabay alis sa braso nitong nakaangkla sa kanyang baywang. Bahagya pa siyang dumistansya. May nadiskubre siyang ugali ni Alec, ayaw nitong tinatangihan ang paglalambing.

“Ang mga babae talaga masyadong sensitive.” Muli itong nagtangkang yakapin siya na minsan pa niyang iniwasan. Marahas itong huminga. “All right, I’m sorry.” Bahagya pa nitong itinaas ang dalawang kamay na parang sumusuko.

Natutuwa siyang isipin na ang boss ng marami na si Alexandrus ay nagagawa niyang pagalitin o kaya ay pasukuin. Kahit naman pala paano, she had a power over him.

He pinned her against the wall. “Gusto mo bang lumuhod pa ako para mas madaling maglubag ang loob mo?” he whispered in her ear. He deliberately

brushed her earlobe with his lips.

It brought a delicious tingling sensation on her skin. She wanted to touch him, kiss him and hold him forever. Hannah wanted his love.

“No, Alec. Just kiss me.” She ran her palms over his shoulders and down his back.

Hindi binigo ni Alec ang pakiusap ni Hannah. Mainit nitong hinagkan ang mga labi ng dalaga. Sa una ay masuyo subalit nang tumagal ay naging mapusok at mapaghanap.

Without much persuasion, her mouth opened up for him. His tongue played a delightful game with hers.

“Oh, honey, you’re a temptress,” she heard him growl. He nipped and licked the side of her neck with his lips and tongue, leaving hot, wet kisses on her skin.

“Are you tempted?”

“Can’t you tell?” He pressed his arousal against her flat tummy. “What do you think?” He playfully bit her earlobe.

She moaned. Ngayon lang sila umabot ni Alec sa ganitong sitwasyon. Kaunting pagpapaubaya pa

at mawawala na siya sa katinuan.

“Madali ka palang tuksuhin.” Hindi niya alam kung ito ba ang nang-aakit sa kanya.

“Now that you know, do not provoke me again. Alam mo na kung ano’ng mangyayari.” He kissed her deeply and passionately before turning to leave.